International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

# An Analytical Exploration of Selected Hiligaynon Poems as a Pedagogical Framework for the Development of a Localized Instructional Module Aimed at Enhancing Learners' Creative Comprehension Skills

**ALLEN L. SERE**
Concepcion National High School
Koronadal City Division
Teacher III
allen.sere@deped.gov.ph

**ANESA P. MANGINDRA, PhD**
Sultan Kudarat State University
apmangindra@gmail.com

**Abstract**

This study aims to develop a localized module that will enhance creative reading comprehension skills among Grade 7 students of Concepcion National High School. The study focuses on translating the selected Hiligaynon poems to Filipino and analyzing the elements, including persona, meter and rhyme, figurative language, and imagery. Also, the study aimed to determine the validity level of the Filipino translations of selected poems, as well as the validity and acceptability of the developed localized module. A descriptive-developmental research design was used to assess the validity and acceptability of the developed module. A purposive sampling technique was employed in selecting the respondents. Results showed that the translations of the Hiligaynon poems had a high level of validity (mean=4.81,sd=0.39). The localized module had a validity mean score of 4.92 (sd=0.27), and an acceptability mean score of 4.92 (sd=0.28) from teachers and 4.90 (sd=0.30) from students. There was no significant difference in the perspectives of teachers and students regarding the module's acceptability (t-value=1.072, p-value=0.298). Furthermore, the analysis of selected Hiligaynon poems revealed their rich use of figurative language and imagery, which can help widen students' creative comprehension. Identifying the persona and analyzing meter and rhyme contributed to a deeper comprehension of the poem's emotions and messages. There was no significant difference in the level of acceptability between teachers and students, indicating their shared positive views of the localized module. Therefore, the developed localized module is valid and acceptable as a tool for improving creative reading comprehension skills. This study is significant in the development of a valid and acceptable localized module for enhancing creative comprehension skills in reading among Grade 7 students.

Keywords: acceptability, creative thinking, comprehension, Hiligaynon poems, localized module, reading, validity

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

# Mga Piling Tulang Hiligaynon: Batayan sa Pagbuo ng Lokalisadong Modyul sa Paglinang ng Malikhaing Pag-unawa

## Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng isang lokalisadong modyul na magpapahusay sa malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Concepcion. Nakatuon ito sa pagsasalin ng mga piling tulang Hiligaynon at pagsusuri ng mga elemento nito, kabilang ang persona, sukat at tugma, talinghaga, at larawang diwa. Gayunin, ang pagtukoy sa antas ng balididiti ng pagkakasalin sa Filipino ng mga piling tula, at pagtukoy sa antas ng balididiti at akseptabiliti ng nabuong lokalisadong modyul. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptib-debelopmental na disenyo upang masuri ang balididiti at akseptabiliti ng binuong modyul. Ginamit ang *purposive sampling technique* sa pagpili ng mga respondente.

Ipinakita ng resulta na may mataas na antas ng balididiti ang salin ng mga tulang Hiligaynon (mean=4.81,sd=0.39). Ang lokalisadong modyul ay may mean na 4.92 (sd=0.27) para sa balididiti, habang 4.92 (sd=0.28) para sa akseptabiliti ng mga guro at 4.90 (sd=0.30) ng mga mag-aaral. Walang makabuluhang kaibahan sa pananaw ng mga guro at mag-aaral ukol sa akseptabiliti ng modyul (t-cal value=1.072, p-value=0.298). Bukod dito, natuklasan sa pagsusuri ng mga piling tulang Hiligaynon na mayaman ang mga ito sa paggamit ng talinghaga at larawang diwa na makakatulong sa pagpapalawak ng malikhaing pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang pagkilala sa persona at pagsusuri ng sukat at tugma ay nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa damdamin at mensahe ng tula. Walang makabuluhang kaibahan sa antas ng akseptabiliti ng mga guro at mag-aaral na nagpapahiwatig ng kanilang parehong positibong pananaw sa lokalisadong modyul. Samakatuwid, ang binuong lokalisadong modyul ay balido at katanggap-tanggap na kagamitan sa pagpapabuti ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa.

Mahalaga ang pag-aaral na ito upang makabuo ng isang balido at katanggap-tanggap na lokalisadong modyul sa paglinang ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Baitang 7.

## Panimula

Ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayan sa pagkatuto at komunikasyon, na sumasalamin sa kakayahan ng tao na magproseso ng impormasyon mula sa iba't ibang uri ng teksto. Ang mga paaralan ay naglulunsad ng mga programa at gumagamit ng iba’t ibang estratehiya upang linangin ang kakayahang ito sa mga mag-aaral. Sa kabila nito, maraming mag-aaral ang nahihirapan pa ring lubos na maunawaan ang kanilang binabasa, at may kakulangan sa pag-unawa sa mensaheng nais iparating ng teksto.

Ang kahirapan sa komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay isang malaking suliraning kinakaharap ng mundo. Sang-ayon sa UNICEF (2022), tinatayang isa lamang sa bawat tatlong 10-taong gulang sa buong mundo ang may kakayahang magbasa at makaunawa ng isang simpleng kuwento. Ang natitirang dalawang-katlo (64%) ay hindi nakakamit ang *minimum* na

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

pamantayan para sa kakayahan sa pag-unawa sa binabasa. Sa pambansang pagtingin, ito ay seryosong usapin at lumalalang krisis sa pagkatuto. Sa ulat ng World Bank (2022), 9 sa 10 Pilipino ang hindi kayang magbasa at makaunawa ng simpleng teksto na angkop sa kanilang edad na 10. Dagdag pa, lumabas sa resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA) 2018 ng Organization for Economic Co-operation and Development (OECD) na 1 sa 5 Filipinong mag-aaral ay nakakuha lamang ng *minimum proficiency level* sa *reading* at *mathematical literacies*. Matapos ang humigit-kumulang apat na taon, sa muling pagsabak ng bansa sa PISA 2022, lumabas na halos walang pagkakaiba sa naging resulta ng nakaraang pagsusulit. Mas mababa ang iskor ng mga Pilipinong mag-aaral sa katampatang iskor ng OECD sa pagbasa, agham, at matematika. Batay sa naging resulta ng pretest sa Quarterly Reading Assessment sa Pagbasa sa Filipino Baitang 7 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Concepcion, taong panuruan 2024-2025, lumabas na 57% sa kabuoang populasyon ay may kakulangan sa komprehensiyon sa pagbasa (3rd Quarter SPIRPA, 2024). Naging dahilan ito na mahimok ang mananaliksik na gumawa ng aksiyon sa nasabing suliranin ng paaralan na kaniyang pinagtuturuan.

Lumalabas sa mga pag-aaral ang malawakang suliranin sa mababang antas ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral dulot ng pandemya at mga panloob at panlabas na salik na lubos na nakaaapekto sa paglinang ng pag-unawa. Bagama't may mga pananaliksik na isinagawa upang bigyan ng solusyon ang suliranin sa pagbasa, hindi ito lubos na natutugunan. Gayunpaman, naging epektibo ang paggamit ng mga akdang pampanitikan tulad ng maikling kuwento at kuwentong bayan upang mapaunlad ang *cognitive reading strategies*. Kaya naman, may pangangailangan pa sa pag-aaral ng paggamit ng iba pang *genre* ng panitikang katutubo tulad ng mga tula na parehong nakaugat sa kultural na konteksto ng mga mag-aaral bilang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa (Aclinen at Olesio, 2023; Abaigar, et al., 2024; Panes-Arenga, 2021; Rodriguez-Sua, 2021).

Ang paggamit ng lokal at kontekstuwalisadong modyul, na nagtatampok ng mga konsepto at araling nakaugat sa kultura at wikang ginagamit ng mga mag-aaral, tulad ng Hiligaynon, ay mahalaga sa pagpapabuti ng kanilang kakayahang bumasa at umunawa (Gaylo, 2020; at Bendijo, et al. 2022). Lumalabas din na ang paggamit ng *mother tongue* bilang wikang panturo ay nakapagpapadali sa proseso ng pagkatuto at mas epektibong naghahatid ng mga aralin sa konteksto ng K to 12 Kurikulum. Kaya, nilalayon ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang lokalisadong modyul ng mga tulang Hiligaynon na naglalaman ng mga aralin sa paglinang ng malikhaing pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Concepcion.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng isang balidong lokalisadong modyul para sa paglinang ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Concepcion.

Kaugnay nito, layunin ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng balididiti ng pagkakasalin sa Filipino ng mga tulang Hiligaynon ayon sa kawastuhang panretorika, kawastuhang panggramatika, kalinawan sa salin, at katangiang pampanitikan?

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

2. Ano ang mga elemento ng mga tulang Hiligaynon ayon sa persona, sukat at tugma, talinghaga, at larawang diwa?
3. Ano ang antas ng baliditi ng nabuong lokalisadong modyul mula sa mga tulang Hiligaynon ayon sa nilalaman, kaangkupan, at pagkakalikha at/o anyo?
4. Ano ang antas ng akseptabiliti ng nabuong lokalisadong modyul ayon sa nilalaman, kahalagahan, apakinabangan, kagalingan, kalinawan at katiyakan, at katangian ng kagamitang pampagtuturo mula sa mga:
   4.1. guro; at
   4.2. mag-aaral?
5. May makabuluhang kaibahan ba ang antas ng akseptabiliti ng guro at mag-aaral sa nabuong lokalisadong modyul sa malikhaing pag-unawa?

**Metodolohiya**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong deskriptib-debelopmental upang masuri ang baliditi at akseptabiliti ng binuong lokalisadong modyul sa paglinang ng malikhaing pag-unawa, gayundin ang pagsasalin at pagsusuri sa mga elemento ng mga piling tulang Hiligaynon. Gumamit ng *purposive sampling* na teknik sa pagtukoy ng tiyak na bilang ng mga respondente. Humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng SKSU, sa Pansangay na Tagapamanihala ng Dibisyon ng Lungsod ng Koronadal at sa punongguro ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Concepcion na maisagawa ang pangangalap ng datos. Nilikom ang mga piling tulang Hiligaynon na kinuha mula sa mga *online journal*. Nagpadala ng elektronikong liham-pahintulot sa may-akda ng mga nailimbag na tulang Hiligaynon sa paggamit ng mga ito sa pag-aaral. Sinalin ang mga tula mula Hiligaynon patungong Filipino at ipinabalido sa mga ekspertong guro. Sinuri ang mga tula batay sa mga elemento nito. Pagkatapos, ginamit ang mga tulang Hiligaynon bilang lunsarang aralin sa lokalisadong modyul. Tinaya ng mga ekspertong guro ang antas ng baliditi ng nabuong lokalisadong modyul. Tinaya naman ng mga guro at mag-aaral ang antas ng akseptabiliti nito. Sa pagbibigay ng interpretasyon ng datos, ginamit ng mananaliksik ang minodipikang *Five Point Likert Scale* (1932). Sa pagtukoy ng antas ng baliditi ng pagkakasalin sa Filipino ng mga tulang Hiligaynon at pagtukoy ng antas ng baliditi ng nabuong lokalisadong modyul, ginamit ang minodipikang eskala na halaw kay Emplamado (2024). Sa pagtukoy ng antas ng akseptabiliti ng nabuong lokalisadong modyul, ginamit ang minodipikang eskala na halaw kay Garcia (2021). Ang istatistikal na paglalapat at kompyutasyon ng mga datos ay isinagawa sa tulong ng *Statistical Package for the Social Sciences (SPSS)*. Ginamit ang *mean* at *standard deviation* sa pagtukoy ng antas ng baliditi sa pagkakasalin sa Filipino ng mga tulang Hiligaynon, at sa pagtukoy ng antas ng baliditi at akseptabiliti ng nabuong lokalisadong modyul sa pagbasa. Ginamit naman ang pamamaraang *content analysis* sa pagsusuri ng mga elemento ng mga tulang Hiligaynon. Samantala, ginamit ang *t-test* sa pagsusuri ng makabuluhang kaibahan sa antas ng akseptabiliti ng guro at mag-aaral na magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang pananaw sa nabuong lokalisadong modyul.

**Presentasyon, Analisis at Interpretasyon ng mga Datos**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

**Antas ng Baliditi ng Pagkakasalin sa Filipino ng mga Tulang Hiligaynon**

**Talahanayan 1**. Antas ng Baliditi ng Pagkakasalin sa Filipino ng mga Tulang Hiligaynon

| Domeyn | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Kawastuhang Panretorika | 4.85 | 0.37 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kawastuhang Panggramatika | 4.80 | 0.41 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kalinawan ng Salin | 4.75 | 0.44 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Katangiang Pampanitikan | 4.85 | 0.37 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuoan** | **4.81** | **0.39** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Batay sa Talahanayan 1, ang kawastuhang panretorika at katangiang pampanitikan ay pawang nakatanggap ng *mean* na 4.85 (sd=0.37) na nangangahulugang Lubos na Sumasang-ayon. Sinundan ito ng kawastuhang panggramatika (m= 4.80,sd= 0.41) at kalinawan ng salin (m=4.75,sd=0.44), na may parehong deskripsiyon. Sa pangkalahatan, ang pagkakasalin sa mga tulang Hiligaynon ay may *mean* na 4.81 (sd=0.39), na may deskripsyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig ng resulta na ang pagkakasalin sa Filipino ng mga tulang Hiligaynon ay may mataas na antas ng balidit. Ito ay nangangahulugang ang pagkakasalin ay lubos ang kawastuhan sa mga pamantayang itinakda at sinuri. May pagkakaugnay ang pag-aaral ni Robante et al. (2023) tungkol sa pagsasalin ng mga maikling kuwentong Hiligaynon sapagkat lumabas na napakaangkop ng ginawang salin sa kabuoan taglay ang pagpapahalaga sa mga tuntuning sinukat.

**Pagsusuri sa Mga Elemento ng Tulang Hiligaynon**

Matutunghayan sa sumusunod ang mga piling tulang Hiligaynon na sinuri ayon mga elementong persona, sukat at tugma, talinghaga, at larawang diwa.

**Talahanayan 2. Persona ng mga Tula**

| Pamagat at May-akda | Pagsusuri |
|---|---|
| “Butigon” ni Cris John Bryan C. Dela Cruz | Isang taong lubos na nasaktan dahil sa panlilinlang ng kanyang minamahal. Siya ay puno ng lungkot at pangungulila. |
| “Saksi ang Dagat" ni Rexcel V. Samulde | Isang taong dumaan sa isang masakit na karanasan sa pag-ibig. Siya ay tila isang umiibig na hindi pa rin makalimot sa kanyang minamahal kahit na ito ay maaaring lumayo na o nawala sa kanyang buhay. |
| “Balentin” ni Rexcel V. Samulde | Isang taong umiibig nang matindi at handang sumugal sa kanyang nararamdaman. Ipinakikita niya ang matinding paghanga at pagsuko sa damdaming dulot ng kanyang iniibig. |
| “Handum, Dumut” ni Rexcel V. Samulde | Isang taong may matinding pagnanasa, ngunit may kasamang takot o pangamba. Ipinapakita niya ang kanyang labis na pagkagusto sa isang tao, na sinasalamin ng mga masisidhing imahen ng pisikal na paghahangad, ngunit may agam-agam. |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

| | |
|---|---|
| “Paghulat sa Imo” ni Stalingrad S. Dollosa | Isang taong may matiyagang paghihintay sa isang mahal sa buhay. Siya ay puno ng pananabik at pag-asa sa muling pagkikita nila. |
| “Abyan” ni Nilyn Gamuza-Pacariem | Isang taong may pagpapahalaga at paghanga sa kanyang kaibigan. Inihahalintulad niya sa isang masarap na pagkain ang katangian ng kanyang kaibigan na nagbibigay ng kulay sa kanyang buhay. |
| "Pagtaliwan" ni Philip Jay Leaño | Isang taong dumaranas ng matinding paghihirap. Siya ay nasa proseso ng pagluluksa, pagpapalaya, o muling pagsilang. Makikita sa kanyang pananalita ang matinding hinagpis, galit, at pagsubok na bumangon mula sa nakaraan. |
| "Ulan sa Payag" ni Ruben III Castañares | Isang tagamasid na may malalim na ugnayan sa tahanan ng kanyang tiyo at sa mga alaala ng nakaraan. |
| "Pagpanganduhoy" ni Gil Camporazo | Isang mapanuring tagapagsalaysay na naglalarawan ng kalagayan ng lipunan sa gitna ng isang krisis. Makikita ang kanyang malasakit sa mga tao at ang kanyang pananampalataya sa Diyos. |
| "Rolly" ni Adrian Medina Pregonir | Isang saksi at biktima ng matinding kalamidad, maaaring bagyo o baha, na nagdulot ng takot at paghihirap sa komunidad. |

## Talahanayan 3. Sukat at Tugma ng mga Tula

| Pamagat at May-akda | Pagsusuri |
|---|---|
| “Butigon” ni Cris John Bryan C. Dela Cruz | Ang tula ay isinulat sa malayang taludturan. Wala itong tiyak na bilang ng pantig o sukat sa bawat taludtod. Gayunpaman, nagtataglay ito ng tugma sa ilang linya. |
| “Saksi ang Dagat" ni Rexcel V. Samulde | Ang tula ay isinulat sa malayang taludturan, Walang mahigpit na bilang ng pantig o tugma sa bawat linya. |
| “Balentin” ni Rexcel V. Samulde | Ang tula ay may malayang taludturan ngunit may ilang linya na may natural na tugmaan at ritmo. |
| “Handum, Dumut” ni Rexcel V. Samulde | Ang tula ay nasa malayang taludturan. Gayunpaman, kapansin-pansin ang ugnayan ng tunog sa ilang linya. |
| “Paghulat sa Imo” ni Stalingrad S. Dollosa | Ang tula ay nasa malayang taludturan. May natural na ritmo sa pagbabasa dahil sa balanseng haba ng mga linya. |
| “Abyan” ni Nilyn Gamuza-Pacariem | Ang tula ay may malayang taludturan. Ang paggamit ng balanseng haba ng linya at tunog ay nagdadala ng ritmo. |
| "Pagtaliwan" ni Philip Jay Leaño | Ang tula ay gumagamit ng malayang taludturan. Ang pag-uulit ng mga parirala at ang estruktura ng mga saknong ay nagbibigay ng ritmo at diin sa mensahe ng tula. |
| "Ulan sa Payag" ni Ruben III Castañares | Ang tula ay isinulat sa malayang taludturan. Nakikita ang likas na ritmo sa pag-uulit ng pagbanggit ng mga salitang “*sang*” at “*nga*”. |
| "Pagpanganduhoy" ni Gil Camporazo | Ang tula ay may di-ganap na tugma at sukat. Hindi pantay ang bilang ng pantig sa bawat taludtod, ngunit may tugmaan sa dulo. |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

| | |
|---|---|
| "Rolly" ni Adrian Medina Pregonir | Ang tula ay malayang taludturan. Ang natural na ritmo at tunog ng mga salita ay nagbibigay ng musikalidad at damdamin. |

## Talahanayan 4. Talinghaga ng mga Tula

| Pamagat at May-akda | Pagsusuri |
|---|---|
| “Butigon” ni Cris John Bryan C. Dela Cruz | Makikita ang mga tayutay na Pagwawangis, Pagtutulad, Pagmamalabis, Pagsasatao, at Pag-uyam. Halimbawa, ginagamit ang pagtutulad upang ipakita ang kontradiksyon ng tamis ng pananalita ngunit pait ng katotohanan. |
| “Saksi ang Dagat" ni Rexcel V. Samulde | Makikita ang mga tayutay na Pagwawangis, Pagsasatao, at Pagtutulad. Halimbawa, ang pagbibigay ng katangiang-pantao sa alon na nagtuturo sa persona na lumimot na. |
| “Balentin” ni Rexcel V. Samulde | Ginamit dito ang Pagwawangis, Personipikasyon, Pagmamalabis, Pagtawag at Aliterasyon. Halimbawa, may pagmamalabis sa sinabi ng persona ang kanyang matiyagang paghihintay, na tila hindi siya magsasawa kahit kailan. |
| “Handum, Dumut” ni Rexcel V. Samulde | May taglay itong Pagtutulad, Pagwawangis, Pagsasatao, Pagtawag, at Pagmamalabis. Halimbawa, inihalintulad ng persona ang kanyang sarili sa isang uod, na nagpapahiwatig ng kanyang pagiging sensitibo at takot sa sakit ng pag-ibig. |
| “Paghulat sa Imo” ni Stalingrad S. Dollosa | Taglay nito ang Pagwawangis, Personipikasyon, at Retorikal na Tanong. Halimbawa, ang ulap ay binigyan ng kakayahang maglakbay at samahan ang minamahal, sa pagnanais ng persona na maprotektahan o maalalayan ang hinihintay niya. |
| “Abyan” ni Nilyn Gamuza-Pacariem | Ginamit ang Metapora upang ipakita ang halaga isang taong mahalaga sa persona sa paghahalintulad nito sa pagkain. |
| "Pagtaliwan" ni Philip Jay Leaño | Ang paggamit ng Pagwawangis, Personipikasyon, at Imahen ng Pandama ay malinaw na makikita sa kabuoan ng tula. |
| "Ulan sa Payag" ni Ruben III Castañares | Makikita sa tula ang Pagwawangis, Personipikasyon, Pag-uulit, at Metonimiya. Halimbawa, ang ulan ay inilarawan na para bang may sariling kilos—umaagos at bumabagsak sa mga bitak at giha ng bahay. |
| "Pagpanganduhoy" ni Gil Camporazo | Maraming tayutay ang ginamit sa tula upang mapalalim ang pagpapakahulugan nito, gaya ng Pagtutulad, Pag-uulit, at Pagpapalit-saklaw. |
| "Rolly" ni Adrian Medina Pregonir | Ginamit sa tula ang Pagtutulad, Metapora, at Personipikasyon. Halimbawa, ang *panganod* (ulap) ay inilarawan na galit, na nagpapahiwatig ng matinding unos. |

## Talahanayan 5. Larawang Diwa ng mga Tula

| Pamagat at May-akda | Pagsusuri |
|---|---|

| | |
|---|---|
| "Butigon" ni Cris John Bryan C. Dela Cruz | Ang tula ay may napakalinaw at makapangyarihang larawang diwa na nagbibigay-buhay sa mga damdamin ng persona. |
| "Saksi ang Dagat" ni Rexcel V. Samulde | Ang tula ay may napakalinaw at makapangyarihang larawang diwa na nagbibigay-buhay sa mga damdamin ng persona. |
| "Balentin" ni Rexcel V. Samulde | Malinaw at makapangyarihan ang mga imaheng ginamit sa tula upang ipakita ang matinding pag-ibig ng persona. |
| "Handum, Dumut" ni Rexcel V. Samulde | Ipinapakita ang imahen ng isang matalim na ngiti, buto at uod na nagsasaad ng isang marubdob na pag-asa o pagnanasa na makuha ang pag-ibig ng taong inaasam. |
| "Paghulat sa Imo" ni Stalingrad S. Dollosa | Ang tula ay puno ng makulay at malinaw na imahen na nagpapatingkad sa damdamin ng paghihintay sa minamahal. |
| "Abyan" ni Nilyn Gamuza-Pacariem | Ang buong tula ay puno ng larawan ng pagluluto at pagkain, bilang simbolo ng kahalagahan ng isang kaibigan. |
| "Pagtaliwan" ni Philip Jay Leaño | Ang buong tula ay puno ng madilim at marahas na imahe ng paghuhukay ng libingan, paghiwa sa balat, at pagsakal, ngunit lahat ng ito ay may mas malalim na kahulugan. |
| "Ulan sa Payag" ni Ruben III Castañares | Nagtataglay ng malinaw na mga imahen ang tula sa pagpasok ng ulan sa bahay at unti-unting pagkasira nito na naglalarawan ng mga pagbabago sa paglipas ng panahon. |
| "Pagpanganduhoy" ni Gil Camporazo | Ang pagbanggit sa kakaibang sakit ay nagpapakita ng pag-aalinlangan at takot ng mga tao sa hinaharap, na nagdadala ng isang malinaw na larawang ng kawalang-katiyakan. |
| "Rolly" ni Adrian Medina Pregonir | Ang tula ay may malinaw at matinding larawang diwa na nagpapakita ng kalamidad at epekto nito sa mga tao. |

**Antas ng Baliditi ng Nabuong Lokalisadong Modyul mula sa mga Tulang Hiligaynon sa Paglinang ng Malikhaing Pag-unawa ng mga Mag-aaral.**

**Talahanayan 6.** Antas ng Baliditi ng Nabuong Lokalisadong Modyul sa Paglinang ng Malikhaing Pag-unawa ng mga Mag-aaral

| Domeyn | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.92 | 0.28 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kaangkupan | 4.88 | 0.33 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Pagkakabuo at/o Anyo | 4.96 | 0.20 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuoan** | **4.92** | **0.27** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Batay sa Talahanayan 6, ang pagkakabuo at/o anyo ang may pinakamataas na *mean* na 4.96 (sd=0.20) na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon. Sinundan ito ng nilalaman (mean=4.92,sd=0.28) at kaangkupan (mean=4.88,sd=0.33) na parehong may deskripsiyon na lubos na sumasang-ayon. Sa kabuoan, ang antas ng baliditi ng lokalisadong modyul ay may *mean* na 4.92 (sd=0.27) na nagpapahiwatig na ito ay lubos na balidong kagamitan. Ayon sa resulta, mataas ang antas ng baliditi ng nabuong lokalisadong modyul sa mga tulang Hiligaynon sa paglinang ng malikhaing pag-unawa. Ito ay nagpapahiwatig ng pagiging balidong kagamitan na

maaaring magamit sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay tumutugma sa natuklasan ni Estremera (2023), na sumusunod sa pamatayan ng kalidad at pagiging angkop ng binuong modyul sa pagbasa.

**Antas ng Akseptabiliti ng Nabuong Lokalisadong Modyul sa Paglinang ng Malikhaing Pag-unawa ng mga Mag-aaral mula sa mga Guro.**

**Talahanayan 7.** Antas ng Akseptabiliti ng Nabuong Lokalisadong Modyul sa Paglinang ng Malikhaing Pag-unawa ng mga Mag-aaral mula sa mga Guro

| Domeyn | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.85 | 0.36 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kahalagahan | 4.93 | 0.25 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kapakinabangan | 4.97 | 0.18 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kagalingan | 4.93 | 0.25 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kalinawan at Katiyakan | 4.90 | 0.30 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Katangian ng Kagamitang Pampagkatuto | 4.93 | 0.25 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | **4.92** | **0.28** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |

Batay sa Talahanayan 7, ang kapakinabangan ay may na *mean* na 4.97 (sd=0.18), na nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap. Sinundan ito ng kahalagahan (mean=4.93,sd=0.25), kagalingan (mean=4.93,sd=0.25), at katangian ng kagamitang pampagkatuto (mean=4.93,sd=0.25) na may magkakatulad na deskripsiyon. Sumunod ang kalinawan at katiyakan (mean=4.90,sd=0.30) at nilalaman (mean=4.85,sd= 0.36) na pawang lubos na katanggap-tanggap. Sa pangkalahatan, ang antas ng akseptabiliti ng lokalisadong modyul mula sa mga guro ay may *mean* na 4.92 (sd=0.28) na nagpapakita ng mataas na antas ng pagtanggap. Ang mataas na antas ng akseptabiliti ay nagpapahiwatig ng lubos na pagtanggap ng mga guro bilang kagamitan sa paglinang ng malikhaing pag-unawa. Ipinahihiwatig ng resulta ang positibong pananaw ng mga guro sa pagiging angkop ng binuong lokalisadong modyul sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. May kaugnayan ang pag-aaral ni Labindao (2022), na natuklasang lubos ang pagtanggap sa lokalisadong modyul sa pagbasa ayon sa mga guro na nangangahulugan ng pagiging angkop, kapaki-pakinabang, maaasahan, at nauugnay sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral.

**Antas ng Akseptabiliti ng Nabuong Lokalisadong Modyul sa Paglinang ng Malikhaing Pag-unawa ng mga Mag-aaral mula sa mga Mag-aaral.**

**Talahanayan 8.** Antas ng Akseptabiliti ng Nabuong Lokalisadong Modyul sa Paglinang ng Malikhaing Pag-unawa ng mga Mag-aaral mula sa mga Mag-aaral

| Domeyn | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.84 | 0.37 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kahalagahan | 4.88 | 0.32 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kapakinabangan | 4.93 | 0.25 | Lubos na Katanggap-tanggap |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kagalingan | 4.92 | 0.28 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kalinawan at Katiyakan | 4.90 | 0.30 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Katangian ng Kagamitang Pampagkatuto | 4.93 | 0.25 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | **4.90** | **0.30** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |

Batay sa Talahanayan 8, lumabas na ang kapakinabangan at katangian ng kagamitang pampagkatuto ay parehong may *mean* na 4.93 (sd=0.25), na nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap. Sinundan ito ng kagalingan (mean=4.92,sd=0.28), kalinawan at katiyakan (mean=4.90,sd=0.30), kahalagahan (mean=4.88,sd=0.32), at nilalaman (mean=4.84,sd=0.37) na nananatiling lubos na katanggap-tanggap. Sa pagkalahatan, ang antas ng akseptabiliti ng lokalisadong modyul mula sa mga mag-aaral ay may *mean* na 4.90 (sd=0.30) na nagpapakita ng mataas na antas ng pagtanggap. Ang mga resulta ay nagpapahiwatig ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa pagiging angkop ng kagamitan sa paghasa ng kanilang kahusayan sa malikhaing pag-unawa sa binasa. Sa pag-aaral ni Magno (2023), inihayag na ang modyul sa paglinang ng pagbasa ay katanggap-tanggap para sa mga mag-aaral dahil ang mga tunguhin at layunin ay umaayon sa kurikulum, angkop ang mga gawaing pampagkatuto, at madaling maunawaan at sundin ang mga panuto.

**Makabuluhang Kaibahan sa Antas ng Akseptabiliti ng mga Guro at Mag-aaral sa Nabuong Lokalisadong Modyul sa Paglinang ng Malikhaing Pag-unawa.**

**Talahanayan 9.** Makabuluhang Kaibahan sa Antas ng Akseptabiliti ng mga Guro at Mag-aaral sa Nabuong Lokalisadong Modyul

| Balideytor | SD | Mean | t-cal | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Guro at Mag-aaral | 0.0184 | 0.075 | 1.072 | 0.298 | Walang Kabuluhan |

*a=0.05 level of significance*

Batay sa Talahanayan 9, lumabas na ang *mean* ng akseptabiliti ng guro at mag-aaral ay 0.075, (sd=0.0184). Ang *t-calculated* ay 1.072 at may *p-value* na 0.298, na mas mataas sa 0.05 antas ng kahalagahan *(level of significance).* Ipinapakita ng resulta na walang makabuluhang kaibahan sa antas ng akseptabiliti ng mga guro at mag-aaral sa nabuong lokalisadong modyul sa malikhaing pag-unawa. Nangangahulugan ito na parehong lubos na katanggap-tanggap para sa dalawang pangkat ang lokalisadong modyul, na nagpapahiwatig ng pagiging mabisa, mahalaga, at kapaki-pakinabang nito sa pagkatuto at sa paglinang ng malikhaing pag-unawa ng mga mag-aaral. Inihayag ni Garcia (2021), na ang pagkakatulad ng pananaw at saloobin ng mga guro at mag-aaral sa suplemental na modyul ay nagpapakita ng mataas na mataas na antas ng pagtanggap na nangangahulugan sa pagiging epektibong kagamitan nito sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagkatuto.

## Konklusyon

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

Ang pagkakasalin sa Filipino ng mga tulang Hiligaynon ay may mataas na antas ng kawastuhan at kalidad na nangangahulugang ang mga salin ay malinaw, wasto, at may taglay na estetika ng panulaang Hiligaynon. Samakatuwid, ang mga isinaling tula ay angkop bilang lunsarang aralin sa binuong lokalisadong modyul sa paglinang ng malikhaing pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang pagsusuri sa mga elemento ng mga tulang Hiligaynon ay nagbigay ng daan sa malalim na pag-unawa sa mga ito bilang nararapat na lunsarang aralin sa binuong lokalisadong modyul. Ang persona sa bawat tula ay may natatanging boses na nagpapahayag ng damdamin, maging ito man ay pag-ibig, dalamhati, o pananampalataya. Ang sukat at tugma ay nag-iiba-iba, ngunit patuloy na nag-aambag sa musikalidad at epekto ng tula. Ang talinghaga ay mahalagang elemento na nagpapalalim sa kahulugan ng mga tula, gamit ang iba't ibang tayutay gaya ng pagtutulad, metapora, pagpapalit-saklaw, at pag-uulit. Ang larawang diwa ay isang malakas na aspeto na nagpapakita ng malinaw na imaheng sumasalamin sa damdamin at realidad ng buhay.

Napatunayan na ang lokalisadong modyul sa malikhaing pag-unawa ay isang balidong kagamitang pampagtuturo na angkop sa pangangailangan ng mga guro at mag-aaral. Samakatuwid, taglay nito ang mataas na kalidad na makatutulong sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayundin, napatunayan na ang lokalisadong modyul ay lubos na katanggap-tanggap sa mga guro at mag-aaral. Samakatuwid, ang modyul ay angkop, kapaki-pakinabang, at epektibong magagamit sa pagpapalawak ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Walang makabuluhang kaibahan sa antas ng akseptabilidad ng mga guro at mag-aaral sa nabuong lokalisadong modyul sa malikhaing pag-unawa. Nangangahulugan ito ng magkatulad na positibong pananaw na nagpapakita ng pagiging angkop, mahalaga, at kapaki-pakinabang ng modyul sa pagkatuto. Samakatuwid, nagkakaisa ang mga guro at mag-aaral sa paniniwalang makatutulong ang lokalisadong modyul sa pagpapaunlad ng kasanayan sa malikhaing pag-unawa ng mga mag-aaral.

## Sanggunian

Abaigar, B., Galit, G., at Balderian, A. (2024). *Eksploratoring Pagsusuri sa Kakayahan at Salik na Nakaaapekto sa Komprehensiyon sa Pagbasa sa Filipino*. *International Journal for Multidisciplinary Research.* https://doi.org/10.5281/zenodo.12216681

Aclinen, Z. at Olesio M. (2023). Antas ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(12), 319-345. doi: 10.47760/cognizance.2023.v03i12.024

Bendijo, H., Despojo, A. G., Calumpang, E., Futalan, M. C., Calisang, C., at Tudag, S. (2022). Effectiveness of Contextualization and Localization in Teaching. *UBT International Conference*. 306. DOI: 10.33107/ubt-ic.2022.297

Dela Peña, J. M. (2023). Pagbuo at balidasyon ng kagamitang pampagkatuto sa filipino sa kolehiyo. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR).* 2023-9(2).

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 89-100

Emplamado, S. (2024). Estratehiyang Game-Based sa Pagtuturo at Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Baitang 8 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Bambad [Hindi nalathalang tesis]. *Sultan Kudarat State University Graduate School – Tacurong City.*

Estremera, M. (2023). Acceptability and Quality Level of the Developed Reading Module Entitled "Read to Learn, Save the World": An Instructional Material Used for S.Y. *Journal of Literature, Languages and Linguistics,* 40.

Garcia, M. (2021). Balidasyon at pagtanggap ng interaktibong supplemental na modyul sa pagganap ng mga mag-aaral. *EPRA International Journal of Research and Development (IJRD).* 2021-6(7).

Gaylo, P. B. (2020). Implementing mother tongue based–multilingual education (MTB-MLE): Outcomes and challenges. *International Social Science Review*, 2(1).

Labindao, J. (2022). Localized self-learning module in reading. *International Journal of Research Publications*, 102(1). DOI:10.47119/IJRP1001021620223275

Magno, S. (2023). Reading Enrichment Module in the Dimensional Approach in Teaching Literature and Students' Comprehension Skills [Hindi nalathalang tesis]. *Sultan Kudarat State University Graduate School – Tacurong City.*

OECD (2023), PISA 2022 Results (Volume I): The State of Learning and Equity in Education, PISA, *OECD Publishing*, Paris, https://doi.org/10.1787/53f23881-en

Panes-Arenga, M. J. B. (2021). "Visible thinking routine" sa pagtuturo ng panitikan: pagtiyak sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa [Master's thesis, West Visayas State University]. *WVSU Institutional Repository and Electronic Dissertations and Theses PLUS.*

Robante, N. L., Reyes, D. A. B., at Libo-on, J. T. (2023). Maikling Kwentong Hiligaynon: Isang Pagsasalin at Pagsusuring Moralistiko at Sosyolohikal. *Romblon State Universi[illegible]search Journal,* 5(1), 7-17. https://doi.org/10.58780/rsurj.v5i1.97

Rodríguez Sua, M. (2021). Cognitive strategies for developing students' reading comprehension skills using short stories. *REXE-Revista De Estudios Y Experiencias En Educación*, *20*(44), 233–253. https://doi.org/10.21703/0718-5162.v20.n43.2021.014